

## MGA KARAPATAN HABANG IKAW AY NAKAKULONG

Sa anumang pagkakataon, ang sino mang iniimbestigahan o nasa custodial investigation ay hindi dapat manatiling nakakulong lampas sa panahong itinakda ng batas, maliban lamang kung may naisampa nang kaso sa hukuman at commitment order na ipinag-utos ng hukuman. Sa loob ng bilangguan, karapatan mo ang mga sumusunod:


Sumailalim sa mga takdang pamamaraan o due process, kabilang ang karapatang...



Bisitahin ng kasapi ng pamilya, mga kaibigan, doktor at abogado.



Malaman ang nakasulat na mga alituntunin at regulasyon sa bilangguan.



Maging malaya sa paghahayag ng relihiyon at pagsamba.



Maparusahan lamang sa paglabag ng disiplina na pinaka-minimum para mapanatili ang kaayusan at siguridad ng bilangguan.



Pagtago at pagpapanatili ng iyong mga gamit. Lahat ng pera, damit o anumang bagay na iyong pag-aari na ipinagbabawal dalhin sa loob ng bilangguan ay dapat itago ng pangasiwaan ng bilangguan. Magtalaga ng talaan o inventory na lalagdaan ng bilanggo.

Hindi gamitan ng labis na pagpapahirap at hindi ikulong sa madilim na selda o ibartolina (ikulong nang nag-iisa).

- Ihiwalay sa iba pang mga bilanggo dahil sa kasarian, edad, kasong kriminal at pangangailangang atensyong medikal.
- Dapat magkaroon ng bukod na kulungan ang mga babaeng bilanggo; sa bilangguan na ang mga nakakulong ay lalaki at babae, dapat tiyakin na may bukod na lugar ang mga babaeng bilanggo; at sila ay pinangangasiwaan ng babaeng guwardiya o kawani ng bilangguan. Ngunit hindi nangangahulugan na ipinagbabawal ang mga lalaking kawani ng bilangguan katulad ng doktor at guro sa pagtupad ng kani-kanilang tungkulin.
- Ihiwalay sa ibang mga bilanggong sentensyado. Dapat ihiwalay ang mga bilanggo na may pagkakasalang sibil sa mga bilanggong may kasong kriminal.
- Walang bata na pinaghihinalaang lumabag sa batas na nakakulong kasama ang mga matatandang bilanggo.

### PAALALA!!!

Sa paglaya ng bilanggo, ang lahat ng mga pera, damit o bagay na pag-aari niya ay dapat isauli sa kanya. Ang bilanggo ay lalagda sa katibayan na ibinalik o isanauli sa kanya ang mga ito.

Mabigyan ng sapat na pagkain, at kung gustuhin, magpadala ng pagkain mula sa labas ng bilangguan sa pamamagitan ng pangasiwaan ng bilangguan o ng pamilya o mga kaibigan.

Magsuot ng sariling damit, liban kung wala kang sariling damit, at kung gayon, dapat bigyan ng pangasiwaan ng bilangguan, ngunit isang damit na iba sa mga nahatulan nang mga preso, at ano pa mang damit na magpapahiya sa kanya.

Itira sa kalagayang angkop sa kalusugan, may sapat na liwanag at bentilasyon, at malinis na palikuran o banyo.

Mabigyan ng mahusay na serbisyong medikal at dental, at magamot ng sariling doktor o dentista kung kailangan.


Mabigyan ng mga babasahin at kagamitan pang-libangan.

Magkaroon ng sariling higaan at sapat na sapin, kumot at unan.

Hindi ka dapat gamitan ng dahas o pagbabanta kung ayaw mo magtrabaho.

Mag-ehersisyo sa labas ng kulungan araw-araw, na hindi kukulangin sa isang oras.

Madaliang paglutas ng iyong kaso sa hayag at walang kinikilingang paglilitis.



Sakaling magkasakit ka nang malubha, madala sa ospital o mamatay, dapat ipabatid ito agad-agad sa iyong asawa o kamag-anak. Dapat ipaalam sa iyo kung may namatay o may malubhang sakit ang kasapi ng pamilya. Sa ganitong sitwasyon, maaaring ipag-utos ng hukuman ang iyong pagbisita sa miyembro ng pamilya na namatay o may sakit. Dapat din ipabatid sa kasapi ng pamilya ang iyong pagkabilanggo o sakaling paglipat sa ibang bilangguan.

Kung mayroon kang nais idulog na suliranin tungkol sa iyong karapatang pantao, tumawag o sumulat sa

### Commission on Human Rights

Globe: 0936-068-0982 Smart: 0920-506-1194

Email: chad.pasco.chr@gmail.com

